



SAN DIEGO
OPIOID
PROJECT

TUMULONG SA PAGLIGTAS NG MGA BUHAY. MAGDALA NG NALOXONE.

Maaaring makatulong ang pagkakaroon ng naloxone, gamot na bumabaliktad sa epekto ng pagka-overdose sa opioid, para maiwasan ang mga pagkamatay dulot ng pagka-overdose. Alamin kung saan ito makukuha at kung paano ito gamitin.



Mag-scan dito para sa higit pang impormasyon at mga lokasyon ng naloxone



Bakit kailangan mong magdala ng naloxone?

- Ang Naloxone ay isang mabilis tumalab na gamot na kayang baliktarin ang mga epekto ng fentanyl at iba pang opioid at tumutulong sa mabilis na pagpapanumbalik ng paghinga.
- Maaari itong magligtas ng mga buhay at mahalagang magkaroon nito kapag nasa paligid ng mga taong gumagamit ng mga pill, powder, o iba pang uri ng opioid.
- Kung may kasangkot na fentanyl o iba pang malakas na opioid, maaaring kailanganin ang higit sa isang dosis ng naloxone para maibalik ang paghinga ng isang tao.

SAN DIEGO
OPIOID
PROJECT

Paano Mo Makikilala ang Pagka-overdose?

- **Kamalayan** – walang malay at hindi gumigising ang tao.
- **Paghinga** – mabagal o hindi humihinga ang tao, o gumagawa sila ng tunog na parang nasasakal o nabubulunan.
- **Kulay** – maputla o asul ang mga labi, balat, o daliri ng tao.

Ano ang dapat mong gawin kung may pinaghihinalaan kang na-overdose?

1. **Tumawag kaagad sa 9-1-1.** Maaaring protektahan ng mga batas ng California Good Samaritan ang taong nao-overdose o ang taong tumutulong sa kanila mula sa mga legal na problema.
2. **Magbigay ng naloxone.** Gamitin ang gamot sa tao sa lalong madaling panahon.
3. **Simulan ang rescue breathing o kamay lamang na CPR*.** Maaaring magbigay sa iyo ang emergency dispatcher ng mga tagubilin sa CPR kung kailangan mo ang mga ito.
4. **Huwag silang iwanan.** Bantayan ang tao hanggang sa dumating ang tulong.



*Magsagawa ng rescue breathing kung mayroon kang pocket mask/face shield o napag-alamang walang nakakahawang sakit ang tao.